



Kahulugan:

- ◇ Ang mga kakulangan ay mga potensyal na problema sa iyong sistema ng septic na natukoy ng isang Provider ng Serbisyo sa Pagpapanatili sa isang ulat ng inspeksyon.
- ◇ Ang ilang kakulangan ay mas makabuluhan kaysa sa iba.
- ◇ Ang mga karaniwang pagkukulang na ito, kung pababayaan, ay maaaring magdulot ng malubhang pinsala sa iyong sistema sa paglipas ng panahon.

Paliwanag sa Mga Kakulangan sa Sistema ng Septic

Mga Kondisyon ng Baffle

Ang wastong pagpapanatili sa mga baffle ng pasukan at labasan ay ang susi sa malusog na septikong tangke. Ang baffle sa pasukan ay ang unang koneksyon sa pagitan ng linya ng imburnal at ng tangke, at pinipigilan ang dumi mula sa pagkolekta o pagbalik sa linyang iyon. Ang baffle sa labasan ay ang daanan sa iba pang bahagi ng iyong sistema ng septiko at, kasama ng mga panala, ay nakakatulong na pigilan ang anumang matigas na bagay na pumasok at makabara sa iba pang bahagi ng sistema ng panglinis.

Mga Bahagi at Riser na Hindi Pinapasukan ng Tubig

Lubhang nakakatulong ang mga access riser at lid para lubos na masuri ang mga kondisyon ng tangke at masuri ang mga problemang maaaring mangyari. Mahalagang tiyakin na ang mga ito at ang iyong buong tangke ay hindi pinapasok ng tubig para maiwasang mapuno ng tubig mula sa ilalim ng lupa o ibabaw ng lupa ng iyong sistema. Simula sa 2007 lahat ng bagong naka-install na sistema ay dapat na mayroong mga riser.

Kinakailangang Pagbomba

Mahalaga ang pag-pump para matiyak ang isang mahaba at malusog na buhay ng iyong tangke at sistema. Pinipigilan nito ang pagkaipon ng mga taba, langis, grasa, at putik. Ang mga tangke ng septic at tangke ng pump ay kinakailangang mag-pump palabas kapag ang mga matigas na bagay ay umabot sa 1/3 ng kabuuang karga ng tangke.



Anong Gagawin?

- ◇ Maliwasang mangyari ang mas malalaking problema sa pamamagitan pagwawasto sa mga ito.
- ◇ Marami sa mga pagkukulang na ito ay maaaring itama nang hindi nangangailangan ng pahintulot.
- ◇ Makipag-ugnayan sa isang propesyonal sa septic na lisensyado ng county para sa lahat ng pag-pump, pinahihintulutang pag-aayos, at hindi pinahihintulutang pagwawasto.
- ◇

Paliwanag sa Mga Kakulangan sa Sistema ng Septic

Mga Alarma

Kasama sa mga sistema na gumagamit ng mga pump o mas komplikadong mga bahagi ang mga alarma para sa mga karagdagang tampok na ito. Ang pagkakaroon ng maayos na paggana ng mga alarma ay nagbibigay-daan sa iyo at sa iyong propesyonal sa septic na malaman kung may nangyayaring mali sa iyong sistema. Kung nasira ang mga ito, magpapatuloy sa pagdami ang mga problema nang hindi mo nalalaman.

Hindi Namamalayang Paghaba at Pagpasok ng Ugat

Lubos na inirerekomenda na huwag kang magtayo o magtanim ng malalaking halaman sa ibabaw ng iyong drainfield o mga bahagi ng septic. Ang pagtatayo sa ibabaw ng iyong drainfield ay makakaabala sa lupang ginagamit ng iyong sistema. Ang pagbabago sa mga kondisyon ng lupa ng iyong sistema ay magbabago sa kakayahan nitong maayos na linisin ang iyong maruming tubig. Ang pagtatanim ng malalaking puno at halaman sa ibabaw na bahagi ng iyong drainfield o septic ay nagdudulot ng panganib ng pagpasok ng ugat na maaaring tumubo, magkaroon ng bitak, at makabara sa iba't ibang bahagi sa iyong sistema at maging sanhi ng hindi paggana nito. Kung maglalagay ka ng landscape sa ibabaw ng iyong drainfield, tandaan na gumamit ng mga halamang may mababang paggamit ng tubig at mababaw ang ugat.



P.O. Box 5000
Coupeville, WA 98239

Anong Gagawin?

- ◇ Maliwasang mangyari ang mas malalaking problema sa pamamagitan pagwawasto sa mga ito.
- ◇ Marami sa mga pagkukulang na ito ay maaaring itama nang hindi nangangailangan ng pahintulot.
- ◇ Makipag-ugnayan sa isang propesyonal sa septic na lisensyado ng county para sa lahat ng pag-pump, pinahihintulutang pag-aayos, at hindi pinahihintulutang pagwawasto.

Paliwanag sa Mga Kakulangan sa Sistema ng Septic

Mga Kontrol ng Bomba

Ang anumang sistema na nangangailangan ng pag-pump ay magkakaroon ng mga elektrikal na wiring at elemento ng pagkontrol. Ang mga control panel na ito ay madalas na kinokontrol ang dami at oras ng bawat dosis na ibobomba sa iyong drainfield. Kung nasunog ang mga kable o hindi gumagana ang mga control panel, malamang na magkakaroon din ng problema ang iyong pump.

Mababang Antas ng Likido

Kung nakakaranas ang isang tangke o bahagi ng mababang antas ng likido, isa sa ilang mga bagay ang maaaring nangyayari. Maaaring nagkakaroon ng pagtagas o bitak ang tangke na maaaring humantong sa polusyon sa tubig sa lupa. Ang mga antas ay maaari ring maging mababa kung ang isang ari-arian ay nagkakaroon ng matinding pagtitipid ng tubig o panandalian lamang ang pananatili dito.

Bahaging Binabaha

Kung nakakaranas ang isang tangke o bahagi ng matataas na antas o alkantarilya na bumabaha sa lupa, karaniwan itong nagpapahiwatig ng isang problema sa linya sa iyong sistema. Ang drainfield o iba pang bahagi ng paglinis ay maaaring barado at sobrang puno, o maaaring nasira ang pump. Sa mga sitwasyong ito tumawag kaagad sa Provider ng Serbisyo sa Pagpapanatili.

ISLAND COUNTY
PUBLIC HEALTH



P.O. Box 5000
Coupeville, WA 98239

Anong Gagawin?

- ◇ Maliwasang mangyari ang mas malalaking problema sa pamamagitan pagwawasto sa mga ito.
- ◇ Marami sa mga pagkukulang na ito ay maaaring itama nang hindi nangangailangan ng pahintulot.
- ◇ Makipag-ugnayan sa isang propesyonal sa septic na lisensyado ng county para sa lahat ng pag-pump, pinahihintulutang pag-aayos, at hindi pinahihintulutang pagwawasto.
- ◇

Paliwanag sa Mga Kakulangan sa Sistema ng Septic

Hindi Pantay na Pamamahagi

Ang mga kahon ng pamamahagi na ginagamit sa mga kumbensyonal na sistema ng grabidad sa paglipas ng panahon ay maaaring hindi gumana, masira, at maipamahagi nang hindi pantay ang maruming tubig sa iba't ibang bahagi ng drainfield. Ang pantay na pamamahagi ng maruming tubig sa buong drainfield ay mahalaga sa maayos na paglilinis sa tubig at hindi labis na mapuno ang iba't ibang linya sa iyong drainfield. Hayaang magsagawa ang isang lisensyadong Provider ng Serbisyo sa Pagpapanatili ng anumang pagpapantay o pagpapalit sa kahon ng pamamahagi.

Pagkaimbak o Pagbaha ng Drainfield

Kung may makikitang maraming naimbak na maruming tubig sa iyong mga port ng obserbasyon ng drainfield, maaari itong magpahiwatig na masyadong basa ang lupa na tumutulong sa paglinis at pagpapakalat ng maruming tubig. Ang paulit-ulit na pag-imbak, pagbaha at pag-aalis ng maruming tubig mula sa iyong drainfield ay maaaring magpahiwatig na hindi na kapaki-pakinabang ang lupa sa iyong drainfield at kailangan ang pagkumpuni o pagpapalit ng drainfield. Sa mga pagkakataong ito, makipag-ugnayan sa isang tagadiseno na lisensyado ng estado para simulan ang proseso ng pagpapahintulot sa anumang pagtatasa sa lupa o disenyo ng pagkukumpuni.